1978

RESOLUSYON BLG. 37
KAUTUSAN BLG. 8 -A

ANG KAUTUSANG NAG-UUTOS SA LAHAT NG TAO O' MGA TAO, ASSOSASYON, AT IBA PA, NA MAGKUHA NG PERMISO SA PUNONG BAYAN, BAGO MAG SOLISITAR NG PERA SA PAMAMAGITAN NG PAGSAYAW AT PAG CAROLING SA NASASAKUPAN NG BAYANG ITO, UPANG MAGTAYO NG ANO MANG PROYEKTO, AT IBA PA, AT NAGBIBIGAY NG PARUSA SA BAWAT PAGLABAG NITO.

SEKSYON 1. Ang lahat ng tao o mga tao, assosasyon at iba ay kailangan magkuha ng PERMISO SA PUNONG BAYAN, bago mag solisitar ng pera sa pamamagitan ng pag pasayaw o pag caroling sa nasasakupan ng bayang ito, upang magtayo ng ano mang proyekto, at iba pa at ipadala sa nasabing Permiso ang oras at lugar na gaganapin ang pasayaw o pagcaroling;

SEKSYON 2. Pagkatapos makakuha ng Permiso kumuha rin ng Official Receipt sa Tanggapan ng Ingat Yaman sa halagang ₱5.00 sa bawat Permiso na maibibigay;

SEKSYON 3. Ang kautusang ito ay nagkaroon ng bisa labing limang araw matapos ma-approbahan noong Nobyembre 22, 1978;

Mungkahi ni Kagawad MODESTO O. BACAWAG at pinangalawahan ni Kagawad ALEJANDRO P. ABSALON ang kautusang ito ay. . .

INAPROBAHAN NG LAHAT:

Pinatutunayan ko ang nasasaad sa Kautusang ito.

EDUARDO A. BURUANGA
Municipal Secretary

jenny/10/17/91